**KATOLICONG DIYOSESIS NG SAITAMA**

6-4-12 Tokiwa, Urawa-ku,
Saitama City, SAITAMA
330-0061 JAPAN
TEL : 048-831-3150
FAX : 048-824-3532

**カトリックさいたま教区**

〒330-0061
埼玉県さいたま市浦和区
常盤 6-4-12
TEL : 048-831-3150
FAX : 048-824-3532

Mensahe ng Obispo para sa Bagong Taon 2012

# ANG PANANAMPALATAYA'Y PAGKAPIT SA INAASAHAN, KATIYAKAN SA MGA DI-NAKIKITA (Heb. 11:1)

Para sa aking mga kapatid sa Diyosesis ng Saitama,

Maligayang Pasko at Manigong Bagong Taon sa inyong lahat!

Sa taon 2011, ang Malaking Lindol sa Silangang Japan ay winasak ang bahagi ng Tohoku at malawak pang mga bahagi ng Diyosesis ng Saitama. Nakatanggap kami ng malaking suporta galing sa inyo, sa loob ng bansa at sa ibang bansa. Nais kong kunin ang oportunidad na ito at lubos ko kayong pinasalamatan. Sama-sama kayong nagtrabaho ng lubusan para sa pagpapanumbalik sa mga nasirang pasilidad ng Diyosesis. Higit dito, kahit kayo mismo ay mga biktima ng sakuna, kayo ay nag-alay ng tulong at suporta para sa bahagi ng Tohoku.

Sa pagsaalang-alang ng iba't-ibang aspeto ng gawaing pagtulong sa bahagi ng Tohoku, ang pinakamaganda ay ang trabaho na ginawa bilang isang multi-kultural na Simbahan. Isang halimbawa nito ay ang emergency food service (takidashi), kung saan ang pagkain, mga awitin, mga sayaw na ibinahagi ng mga tao ay may mayaman na katangiang internasyonal. Ang multi-kultural na sukatan ay masayang tinanggap ng mga tao sa lugar ng sakuna. Dahil sa tagumpay ng mahabang programa ng diyosesis para sa paghubog ng mga boluntaryo para sa aktibong pakikinig (keicho), ang diyosesis ay maayos na nagpanimula ng mga aktibidades para sa mga boluntaryo sa aktibong pakikinig sa lugar ng sakuna.

Ang pagbuo ng komunidad bilang multi-kultural na Simbahan, ang paghubog ng mga boluntaryo para sa akitibong pakikinig, ay dalawa sa mahalagang "Pangunahing mga isyu ng Diyosesis ng Saitama" na binigyang diin sa nakalipas na sampung taon. Sa nakaraang dekada, tayo ay sama-samang nagtrabaho para sa iba't-ibang mga isyu. Maari nating sabihin na ang inyong kasipagan at pagtatalaga sa trabaho sa pagharap sa ating mga Prayoridad sa Diyosesis ay makikita sa tagumpay ng mga gawaing pagtulong sa Malaking Lindol sa Silangang Bahagi ng Japan.

Mula 2010, sa loob ng isang buong taon, tinatasa natin ang mga Prayoridad ng Diyosesis ng Saitama; at sa Setyembre sa nakaraang taon, bumuo tayo ng "Pangunahing mga Alituntunin at Pangunahing mga Isyu ng Diyosesis ng Saitama para sa Pastoral na Pagpapalaganap (2011-2020)". Dahil ito sa inyong dedikasyon sa pagbabahaginan at pagpapalalim sa inyong pang-unawa sa nakaraang Prayoridad ng Diyosesis na nag-udyok sa atin na makabuo ng bagong proklamasyon. Habang itinatalaga natin ang ating sarili sa mga Bagong Pangunahing mga Isyu ng Diyosesis, tutunguhin natin ang isang komunidad na; habang aktibong

makatagpo si Kristo sa gitna ng ating kapanahunan; at sabay na pinag-aralan ang mga turo ni Kristo bilang komunidad: sama-samang manalangin, isinabuhay ang Ebanghelyo kasama ang ibang tao, at magkaroon ng sapat na lakas upang ibahagi ang Ebanghelyo sa iba. (1)

Sa Malaking Lindol, mahigit dalawampung libong tao ang biglaang namatay. Malaking dagok ito para sa ating lahat. Sa pagharap mismo ng "kamatayan", nakakapagnilay tayo sa kahulugan ng ating buhay, at sa kahulugan ng kamatayan at muling pagkabuhay. Naramdaman din natin ang kahalagahan ng buklod ng pamilya, at ang ating pagbubuklod sa lokal na komunidad. Habang namumuhay tayo sa pang-araw-araw at nakatuon tayo sa kamatayan at muling pagkabuhay, ay nakatulong ito upang mabatid natin ang kahalagahan na "mabuhay" sa bawat yugto ng ating buhay. Naniwala ako na sa ganitong pamamaraan ng buhay ay magdadala sa atin sa mahalagang pagtatagpo sa bawat taong ating makatagpo, at mag-uugnay ito sa pagpapalakas ng ugnayan sa atin. Sa loob ng ating komunidad sa Simbahan, ninanais ko na matuto tayong magnilay sa kahalagahan ng pagtatagpo at ugnayan na nagawa natin sa ating kapwa mananampalataya. Tayo, mga layko at mga pastoral na mga ministro ay magkakatipon sa iisang hapag, upang pagkatapos mag-usap at magbahaginan sa mga biyaya ng Panginoon sa bawat-isa, lalo tayong lalago bilang magkapatid sa pamamagitan ng ugnayan. (2)

Ang "Pagtrabaho para sa pagpapanumbalik mula sa Malaking Lindol sa Silangang Japan" ang napili bilang isa sa mga bagong Pangunahing Isyu ng Diosesis. Kailangan nating ipagpatuloy ang pagtulong sa pagpapanumbalik sa pangmahabang batayan. Ang tulong para sa mga taong nanirahan sa temporaryong pabahay ay mahalagang haligi ng pagpapanumbalik. Patuloy nating pahalagahan ang pagtatagpo sa mga tao sa lugar ng sakuna. Higit dito, marami pa rin ang naguguluhan at nagdusa, hindi lang sa lugar ng sakuna ng Malaking Lindol sa Silangang Japan, kundi pati na rin ang ating lipunan at Simbahan. Upang maseguro na ang bawat tao ay makapamuhay na may dignidad ng buhay, sabay tayong manalangin, makikiisa sa bawat-isa at sabay na gumawa. (3)

Sa sulat para sa mga Hebreo, si Paulo ay nagsabi: "Ang pananampalataya'y pagkapit sa inaasahan, katiyakan sa mga di-nakikita." Sa simula ng Bagong Taong ito, magnilay tayo sa mga salitang ito ni Paulo at magsimula ng bagong taon na may pag-asa. Nagpapasalamat ako sa Diyos na gumagabay sa atin na may pag-asa at ipinaabot ko sa inyo ang aking pagpapala para sa Bagong Taon.

+ Pagpalain nawa kayo ng Makapangyarihang Diyos, Ama, Anak at Espiritu Santo.

Enero 1, 2012
Solemnidad ni Maria, Ina ng Diyos

Katolikong Diyosesis ng Saitama
Obispo Marcellino TANI Daiji

(1) Batayang Alituntunin 1, "BATAYANG ALITUNTUNIN AT PANGUNAHING MGA ISYU PARA SA PASTORAL NA PAGPAPALAGANAP, KATOLIKONG DIYOSESIS NG SAITAMA" (2011-2020)

(2) Batayang Alituntunin 2

(3) Batayang Alituntunin 3